# Budget 2024: Katarungan para sa Bawat Henerasyon

Abril 16, 2024 | Ottawa, Ontario | Department of Finance (Kagawaran ng Pananalapi) Canada

Sa araw na ito ay inilathala ni Honourable Chrystia Freeland, Deputy Prime Minister at Minister of Finance, ang Budget 2024: Katarungan para sa Bawat Henerasyon.

Ito'y isang plano para magtatag ng Canada na mas mabuting gumagana para sa bawat henerasyon, kung saan ang mga mas batang henerasyon ay makakaunlad, kung saan magiging sulit ang kanilang pagtitiyaga, at kung saan sila makakabili o makakaupa ng kanilang sariling tahanan —kung saan ang lahat ay may patas na pagkakataong magkaroon ng mabuting middle class na pamumuhay.

**Unang-una, ang Budget 2024 ay walang-takot na kikilos para magtayo ng mga karagdagang tahanan.** Dahil ang pinakamadaling paraan para gawing mas abot-kaya ang mga presyo ng tahanan at upa ay ang dagdagan ang supply—at gawin ito nang mabilis. Inilalatag ng Budget 2024 ang isang istratehiya para makapagtayo ng 3.87 milyong bagong tahanan hanggang sa 2031. Kabilang sa mga pangunahing hakbang para dito ang paglunsad ng isang bagong *Public Lands for Homes Plan* at isang bagong Canada Rental Protection Fund, pagdagdag sa Canadian Mortgage Charter, at paglikha ng isang bagong Canadian Renters' Bill of Rights.

**Pangalawa, makakatulong ang Budget 2024 na gawing mas abot-kaya ang pamumuhay.** Gamit ang makabagong expansion ng pamahalaan sa social safety net ng Canada—mula sa $10-bawat-araw na child care, hanggang sa dental care para sa Canadians na walang insurance, at hanggang sa unang bahagi ng pambansang universal pharmacare—isinusulong ng Budget 2024 ang trabaho ng pamahalaan para ibaba ang mga pang-araw-araw na gastos para sa Canadians. Kabilang dito ang tulong sa pag-stabilize sa gastos ng mga nabibili sa mga grocery, ang pag-crackdown sa junk fees para gawing mas makatarungan ang mga presyo, at pagbaba sa fees na sinisingil ng mga bangko. Ang Budget 2024 ay gumagawa ng mga makabagong bagong pamumuhunan, kabilang na ang paglunsad ng isang bagong National School Food Program at ng bagong Canada Disability Benefit.

**Pangatlo, palalaguin ng Budget 2024 ang ekonomiya sa isang paraang mainam para sa lahat.** Ito'y isang plano na aakit at magdaragdag sa pamumuhunan, magpapahusay sa produktibidad, at maghihikayat sa makabagong innovation na lilikha ng mga makabuluhang trabahong nagbibigay ng mahusay na suweldo, at na magpapahintulot sa Canada na manguna pa rin sa ekonomiya. Magbibigay rin ito ng bagong suporta para magbigay-lakas sa mas marami sa ating mga pinakamahusay na entrepreneurs at innovators na gamitin ang kanilang mga ideya dito sa Canada. Kabilang dito ang pag-akit sa mas maraming pamumuhunan sa net-zero economy sa pamamagitan ng pagpapalawak at paghatid ng mga makabuluhang economic investment tax

credits, pagtatag sa advantage ng Canada bilang isang pinuno sa artificial intelligence, at pamumuhunan sa pinalawak na research grants na magbibigay sa mga mas batang henerasyon ng mga mahuhusay na trabaho at ng mga bagong oportunidad. At ibig din nitong sabihin na sisiguraduhin na ang mga Indigenous na Tao ay dapat makikinabang din sa pag-unlad na ito sa paraang gumagana para sa kanila.

Gagawing mas makatarungan ng Budget 2024 ang tax system ng Canada dahil hihilingin nito ang mga táong pinaka-mayaman na bayaran ang kanilang makatarungang bahagi—nang makapamuhunan tayo sa kasaganaan para sa bawat henerasyon, at dahil magiging iresponsible at hindi makatarungan na ipasa ang karagdagang utang sa mga susunod na henerasyon dahil hindi natin pinansin ang ating fiscal anchor. Ang Budget 2024 ay isang responsableng plano sa ekonomiya na nagtataguyod sa mga layunin sa pananalapi na nakabalangkas sa *2023 Fall Economic Statement;* dahil dito'y mapapanatili ng Canada ang kanyang deficit- at net debt-to-GDP ratios, na siyang pinaka-mababa sa G7.

## Quote

"Ang ating pamahalaan ay unang pumasok sa kanyang tungkulin nang may pangakong palakasin at palawakin ang middle class. Tinupad namin ang pangakong ito sa pamamagitan ng pagbawas sa karalitaan, lalo na para sa mga bata at mga matatanda, at sa pamamagitan ng paglikha ng milyun-milyong mahuhusay na trabaho para sa Canadians. Hindi pa tapos ang aming trabaho. Inuulit ng Budget 2024 ang aming pagbibigay-diin na magbigay-daan sa milyun-milyong mga mas batang Canadians na maging middle class. Magtatayo kami ng karagdagang housing at gagawin naming mas abot-kaya ang pamumuhay. Itutulak namin ang ating ekonomiya nang ito'y lumago para sa kabutihan ng lahat. Ito ay katarungan para sa bawat henerasyon."

- *mula kay Honourable Chrystia Freeland, ang Deputy Prime Minister at Minister of Finance*

## Mga may kinalamang produkto

- Budget 2024: Katarungan para sa Bawat Henerasyon
- Budget 2024: Talumpati ng Deputy Prime Minister at Minister of Finance
- Budget 2024: Mga Pangunahing Hakbang (makukuha rin sa mga hindi-opisyal na wika)
- Backgrounder: Mas Maraming mga Abot-kayang Tahanan
- Backgrounder: Isang Mas Malakas na Social Safety Net
- Backgrounder: Katarungan para sa mga Mas Batang Henerasyon
- Backgrounder: Paglago ng Ekonomiya at Productivity
- Backgrounder: Paglago ng mga Maliliit na Negosyo
- Backgrounder: Mas Ligtas na mga Komunidad na nasa Mas Mabuting Kalusugan
- Backgrounder: Isang Makatarungang Kinabukasan para sa mga Indigenous na Tao
- Backgrounder: Katarungan sa Buwis para sa Bawat Henerasyon
- Budget 2024: Ang Banking Framework ng Canada Batay sa Kilos ng mga Mamimili

## Mga Makokontak

**Maaaring kontakin ng media:**

Katherine Cuplinskas
Press Secretary and Senior Communications Advisor
Office of the Deputy Prime Minister and Minister of Finance
Katherine.Cuplinskas@fin.gc.ca

Media Relations
Department of Finance Canada
mediare@fin.gc.ca
613-369-4000

**Para sa mga pangkalahatang katanungan**

Telepono: 1-833-712-2292
TTY: 613-369-3230
E-mail: financepublic-financepublique@fin.gc.ca